Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG IKA-64 KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA CASA REAL SHRINE, PASEO DEL CONGRESO, LIANG, LUNGSOD NG MALOLOS NOONG IKA-06 NG OKTUBRE, 2023.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA | Pang. Punong Lungsod Tagapangulo ng Hapag |
| KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE | " |
| KGG. VICTORINO M. ALDABA III | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

**KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 289-2023**

**ISANG KAPASIYAHANG NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAGKILALA ANG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS, SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD – ABGDO. CHRISTIAN D. NATIVIDAD AT BUMUBUO NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD – KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KAY G. JOSE P.W. TANTOCO SA KANYANG DI MATATAWARANG KONTRIBUSYON SA PAGPAPANATILI AT PANGANGALAGA NG CASA REAL NG MALOLOS.**

**ITINAGUYOD NI: KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
**AKDA NINA: KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA, KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KGG. THERESE "AYEE" CHERYLL B. OPLE, KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KGG. EMMANUEL R. SACAY, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KGG. DIONISIO C. MENDOZA AT KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**

**SAPAGKAT,** nitong ika-4 ng Oktubre, taong kasalukuyan ay idinaos at ipinagdiwang ang ika-58 Anibersaryo ng pagkakatatag at pagkakahayag ng Casa Real ng Malolos bilang isang 'Pambansang Dambana' sa pamamagitan ng Atas Tagapagpaganap na may bilang 173, serye 1965;

**SAPAGKAT,** si G. JOSE P.W. TANTOCO, na sinilang sa Barangay San Gabriel sa Lungsod ng Malolos na siyang nagsilbing Pangulo ng Bulacan Historical Society noong taong 1965 at Honorary Curator ng Dambana ng Casa Real, ay isa sa mga naging mahalagang instrument, upang mapanatili at mapangalagaan ang pook at imprastraktura ng Casa Real ng Malolos;

**SAPAGKAT,** sa pamamagitan ni G. JOSE P.W. TANTOCO ay matagumpay na naipatigil ang dapat na pagbenta at pagpapagiba ng pook ng Casa Real sa noong bayan ng Malolos, Bulacan;

**SAPAGKAT,** ipinaglaban ni G. TANTOCO ang malaking ambag sa kasaysayan ng pook ng Casa Real hindi lamang sa ating lungsod, maging sa ating bansa, kung saan ito ay nagsilbing pamahalaang bayan at Casa Presidencia Municipal noong rehimeng Espanyol at Amerikano na nagtaglay din ng unang palimbagan ng Unang Republika ng Pilipinas;

**SAPAGKAT,** naniwala din si G. TANTOCO sa kontribusyon ng Casa Real ng Malolos na makapagdagdag pa muli ng panibagong ambag sa pamamagitan ng pagpapalawig ng turismo sa noong bayan ng Malolos, Bulacan;

**SAPAGKAT,** naihayag na Pambansang Dambana ang Casa Real sa pamamagitan ng Kautusang Tagapagpaganap bilang 173, serye 1965 na ipinatupad ni Pangulong Diosdado Macapagal, sa matagumpay na inisyatibo ni G. Tantoco kaagapay ng Philippine Historical Committee;

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI
KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III, KASANGGUNI
KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI
KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. VICTORINO M. ALDABA III, KASANGGUNI
KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay labis na nagbibigay pagpapahalaga sa kasaysayan, kultura at mga dakilang pamana ng lahi ng ating pamayanan gayundin ang ambag sa kasaysayan ng mga imprastraktura kagaya ng Casa Real na ipinaglaban ni G. Tantoco;

**SAPAGKAT,** naniniwala ang Sangguniang Panlungsod ng Malolos na kinakailangang pangalagaan at mapanatili ang integridad at kabuluhan ng mga makasaysayang pook, katulad ng Casa Real, upang maisalin ang mga aral at kasaysayan nito sa susunod na henerasyon;

**DAHIL DITO,** sa pamamagitan ng kahilingan ni **Kgg. Victorino M. Aldaba III** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat, ay:

**IPINASYA,** gaya ng dito ay ginawang pagpapasiya, na ipinahahayag ang taos-pusong pagkilala ng Pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod –Abgdo. Christian D. Natividad at bumubuo ng Sangguniang Panlungsod ng Malolos sa pangunguna ng Pangalawang Punong Lungsod – Kgg. Miguel Alberto T. Bautista, kay G. Jose P.W. Tantoco sa kanyang di matatawawarang kontribusyon sa pagpapanatili at pangangalaga ng Casa Real ng Malolos.

**PINAGTIBAY.**

***KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. JOHN VINCENT G. VITUG III**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. THERESE CHERYLL B. OPLE**
KASANGGUNI

**KGG. VICTORINO M. ALDABA III**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko, na ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod ay pinagtibay ng Sanggunian.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. MIGUEL ALBERTO T. BAUTISTA**
PANG. PUNONG LUNGSOD – Tagapangulo ng Hapag

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*10062023